

Setyembre 2021

# Bus Rapid Transit Update sa Proyekto

PierceTransit Stream

## ANG PROSESO NG PAGDIDISENYO

Ang Pierce Transit, kasama ng aming mga partner sa pagpaplano, ay nasa mga huling stage na ng pagdidisenyo ng pinahusay na serbisyo na tinatawag na Bus Rapid Transit (BRT) sa kahabaan ng 14.4 na milyang corridor sa Pacific Avenue/State Route 7 sa pagitan ng downtown Tacoma at Spanaway.

Ang corridor ay kasalukuyang pinagseserbisyuhan ng Route 1, na siyang palaging may pinakamataas na ridership sa anumang ruta ng bus ng Pierce Transit. Sa dalas ng mga rider sumakay sa BRT na bahagi ng Route 1, ang segment na iyon ang bumubuo sa 12 porsyento ng kabuuang pambuong-system na ridership ng Pierce Transit. Pagsapit ng 2040, tinataya naming 2.2 milyong beses sa isang taon sasakay ang mga tao ng bus ng BRT sa kahabaan ng corridor.

Sa nakalipas na ilang taon, ang Pierce Transit ay naging bukas sa at tumanggap ng input mula sa mga rider ng transit, lider ng mga negosyo, may-ari ng property, at stakeholder na interesado sa proyekto. Mayroon pang oras para sa karagdagang feedback sa mahalagang investment na ito sa komunidad habang patuloy kaming nangangalap ng pondo, nagsasapinal ng mga plano sa imprastruktura, at nagsasaayos ng mga detalye ng disenyo.

## ANO NA ANG NAGAWANG MAHAHALAGANG PASYA?

- Pinagtibay ng Lupon ng Mga Komisyoner ng Pierce Transit ang Alternatibong Pinipili ng Lokal (Locally Preferred Alternative, LPA) sa meeting nito noong Hulyo 2018. Kasama sa LPA ang mode (BRT), termini (Spanaway papuntang Downtown Tacoma), at alignment (Route 1 na may mga modipikasyon).
- Noong Setyembre 2018, nagsumite ang Pierce Transit ng aplikasyon sa Small Starts ng FTA, na siyang magiging mekanismo para makalap ang natitirang 40 porsyento ng kinakailangang pondo sa proyekto.
- Noong Abril 2019, pinagtibay ng Lupon ng Pierce Transit ang mga iminumungkahing lokasyon ng istasyon, configuration ng lane ng BRT, at pagruruta ng access sa Tacoma Dome Station.
- Noong 2020, pinili ng Lupon ang disenyong “suspension” para sa mga istasyon ng BRT, at nagsimulang makipagpulong ang staff ng Pierce Transit sa mga taong may property na direktang maaapektuhan ng proyekto ng BRT.

## ANO PA ANG GAGAWING MAHAHALAGANG PASYA?

- Alinsunod sa iniaatas ng Departamento ng Transportasyon ng Estado ng Washington (Washington State Department of Transportation, WSDOT), may sinusuri ang Pierce Transit na apat na kasalukuyang signalized na intersection sa corridor para sa posibleng pagkaka-convert sa mga roundabout. Isasagawa ang pinal na pagpapasya sa lalong madaling panahon, kapag nakumpleto na ang ulat ng Pagtatasa ng Kontrol sa Intersection (Intersection Control Evaluation, ICE) para sa WSDOT.
- Nakikipagtulungan ang Pierce Transit sa Pangasiwaan ng Transportasyon ng Pederal (Federal Transit Administration, FTA) para matukoy ang naaangkop na antas ng pagsusuri, na malamang ay makumpleto sa Marso 2022.
- Magsisimula ang Pagsusuri ng Patakaran sa Kapaligiran ng Estado (State Environmental Policy Review, SEPA) kapag 60% na ng disenyo ang nakumpleto; umaasa kaming matatapos iyon sa Marso 2022.

## SA TULONG NG MGA FEATURE NG BRT, MAS GIGINHAWA ANG BIYAHE MO DAHIL MAGIGING MAS MABILIS AT KUMPORTABLE ITO

- Mga madalas at maaasahang trip kada 10 minuto sa mga peak hour ng pagko-commute
- Mas magagandang oportunidad para sa pag-unlad ng ekonomiya sa kahabaan ng corridor
- Sa priority signaling kapag may green light, tuluy-tuloy ang pagbiyahe ng mga sasakyan ng BRT
- Magkakaroon ang mga bagong istasyon ng BRT ng mga opsyon sa paunang pagbabayad at real-time na impormasyon sa paglalakbay
- May Wi-Fi ang mga makabagong bus na nakakapagsakay ng mga bisikleta
- Madaling nakakapagsakay ng mga wheelchair, bisikleta, at stroller dahil sa mga nakaangat na platform

# MGA MADALAS ITANONG

### Ano ang BRT?

Ang BRT ay isang makabagong solusyon sa pampublikong transportasyon na may mataas na kapasidad, kung saan pinagsasama ang bilis ng light rail at ang pagiging flexible at simple ng rapid bus system. Pinagsasama-sama ng BRT ang mga makabagong teknolohiya at amenity – sa board, mga istasyon, at ruta – na napatunayan nang agarang nakakahiyakat ng mas maraming pasahero sa mga lugar kung saan nagtatayo ng mga BRT system.

### Sino ang makikinabang sa BRT?

Idinisenyo ang system para pagserbisyuhan ang mga residente, commuter, mag-aaral, at posibleng gumamit ng transportasyon na gusto ng sulit, mabilis, at mas maaasahang opsyon sa transportasyon sa mga pangunahing destinasyon sa Pacific Avenue/State Route 7 corridor.

### Bakit BRT?

Naniniwala ang Pierce Transit sa kinabukasan ng ekonomiya ng Pierce County. Sa mga susunod na taon, makikinabang ang komunidad sa $170 milyong investment sa kapital sa Pacific Avenue/ State Route 7. Mas mapapaunlad ng proyekto ang ekonomiya sa lugar, at susuportahan nito ang mga pangmatagalang plano ng Lungsod ng Tacoma at Pierce County, habang bumubuo ito ng pinagandang imprastruktura at nagbibigay ito ng access sa anim na Zone ng Oportunidad na kinikilala ng estado sa kahabaan ng corridor. Kasabay ng pagpasok ng pondo para sa kapital mula sa mga panlabas na source, mapapanatili ang mga serbisyo ng Pierce Transit, at makikinabang ang mga ito sa BRT.

### Ano ang kaibahan nito?

Idinisenyo ang BRT para sa mabibilis na pagdating, pag-alis, at oras ng biyahe. Kasama sa mga pangunahing elemento ng BRT ang mga pinagandang istasyon, makabagong sasakyan na may Wi-Fi, off-board na pagbabayad ng pamasahe, impormasyon tungkol sa real-time na pagdating ng bus, priority signaling kapag may green light, at mas maaasahang madalas na serbisyo.

### Paano makakaapekto ang bagong serbisyo ng BRT sa lokal na serbisyo sa Route 1?

Papalitan ng serbisyo ng BRT ang Route 1 na tumatakbo sa pagitan ng Spanaway at downtown Tacoma. Susundan nito ang parehong ruta, maliban sa paghinto sa Tacoma Dome Station para magbigay ng mga koneksyon sa iba pang serbisyo ng transportasyon at pagpapatuloy downtown gamit ang Market Street/Jefferson Avenue sa halip na Pacific Avenue.

### Anong mangyayari sa Route 1 mula sa Commerce Street papuntang Tacoma Community College?

Ang bahagi ng Route 1 sa pagitan ng downtown Tacoma at Tacoma Community College ay patuloy na mag-o-operate sa iskedyul at rutang pareho sa kasalukuyang serbisyo. Kokonekta ang Route 1 sa hinaharap sa bagong serbisyo ng BRT sa lugar para sa pag-transfer ng Commerce Street.

# PANGKALAHATANG-IDEYA NG RUTA




## Timeline ng Proyekto

**2017**
- Mga kundisyon ng corridor para sa pag-access
- Buuin ang layunin ng at pangangailangan sa proyekto
- Pagpili ng mode
- Gumawa ng mga alternatibo

**2018**
- Pumili ng Alternatibong Pinipili ng Lokal
- Magsimula ng aplikasyon sa Small Starts ng FTA
- Magsagawa ng karag-dagang pagsusuri ng trapiko
- Magsimula ng paunang pagsusuri sa kapaligiran

**2019**
- Ituloy ang pagsusuri sa kapaligiran
- Simulan ang pagdidisenyo
- Ilunsad ang Komite sa Komunidad ng BRT

**2020-2021**
- Ituloy ang disenyo
- Isapinal ang pagsusuri sa kapaligiran
- Simulan ang Pag-acquire ng Property

**2022-2025**
- Ituloy ang Pag-acquire ng Property
- Simulan ang konstruksyon
- Buksan sa serbisyo

### Makatanggap ng Mga Update:

Bumisita sa PierceTransit.org/StayConnected, ilagay ang iyong email address, at piliin ang “Bus Rapid Transit.”

### Makipag-ugnayan

Bisitahin kami sa RideStream.org. Mag-email sa BRT@PierceTransit.org. Tumawag sa Linya ng Telepono ng BRT sa 253.983.3407.

### Samahan kami sa social media!

I-follow kami sa Facebook, Twitter, at Instagram para sa pinakabagong balita.